




Bagong Pag-asa

SA BAGONG KABANATA NG BUHAY

May kalakip na bagong pag-asa na kung saan masilayan ang grasya ng Diyos sa bawat bagong kabanata ng buhay. Mararanasan natin ang mga matitinding pagsubok. Ito ang pagsubok na kung saan naglalaban ang dalawang katauhan. Dito nasusukat ang ating kahinaan at kalakasan. Marahil ang mga ito'y tulay lamang upang masilayan ang bagong pag-asa na nakalaan sa atin. Sa pamamagitan ng grasya ng Diyos, nagiging daan ang mga pagsubok sa paghahanda sa ating sarili upang tayo'y lumago at lumakas tungo sa panibagong kabanata ng buhay.

Sa unang pagbasa, nabago ang kabanata sa buhay ni Noe pagkatapos ng apatnapung araw at apatnapung gabi ng matinding baha. Nais ng Diyos na linisin ang lahat ng kasalanan ng tao at magsimula ng panibagong buhay. Naging daan ang baha upang pawiin ang dungis ng mundo. Ito ang paglilinis sa sarili upang maaninag ang bagong pag-asa na ibinigay ng Diyos sa kanila: ang bahagharing tanda ng kanyang pakikipagtipan, ng kanyang pangako.

Gayun din sa ebanghelyo,



Br. Erwin Jimenez Sayson, SC

dinala si Hesus ng anghel sa disyerto sa apatnapung araw upang ihanda sa bagong kabanata ng kanyang misyon. Simbolo ang disyerto ng pagtatagpo sa dalawang katauhan na kung saan hinamon si Hesus. Si Hesus ang bagong Noe na nagdadala ng bagong pag-asa at nag-aalis ng kasalanan. Sa pamamagitan niya at ng Banal

na Espiritu, ang tubig ng binyag ang siyang nagsilbing daan sa pagbabago at kaligtasan ng mundo.

Sa pilit ng demonyo na tukuhin si Hesus, nauwi siya sa kabiguan. Nagwagi ang Diyos, nagwagi! Ilan lang ito sa mga pagsubok ni Hesus. Subalit nagpapalakas ito sa kanyang misyon at nagpapalalim sa kanyang bokasyon bilang Anak ng Diyos.

Ngayon ay unang lingo ng kuwaresma. Ipinakikita ng Diyos sa atin na kailanman hindi niya tayo pinababayaan. Sa pamamagitan ng kanyang GRASYA, pinalalakas niya tayo tuwing may mga pagsubok tayo sa buhay. Isa itong tanda na may panibagong pag-asa na naghihintay sa bagong kabanata ng ating buhay.

Totoong may mga baha na dumarating sa buhay natin. May mga disyerto tayong pinagdararaan.

Pinagninilayan ba natin ito? Handa ba tayong maging bukas sa sarili at tanggapin ang tawag ng Diyos na magbukas-loob sa kanya at magbagong buhay?

PASIMULA

Antipona sa Pagpasok

(Slm 91:15–16)

(Basahin kung walang pambungad na awit)

Kapag ako’y tinawagan, kaagad kong pakikingan upang aking matulungang magkamit ng kaligtasan, dangal, at mahabang buhay.

Pagbati

(Gawin dito ang tanda ng krus)

P – Sumainyo ang Panginoon.

B – At sumaiyo rin.

Paunang Salita

(Maaaring basahin ito o isang katulad na pahayag)

P – Sa Unang Linggo ng Kuwaresma, nanalangin at nagayuno si Hesus sa ilang bago niya simulan ang kanyang misyong akayin ang tao pabalik sa Ama. Ang Kuwaresma ay panahon ng pagsisisi sa kasalanan at pagbabalik-loob sa Diyos. Sa ganitong paraan, kasama rin tayo ni Hesus sa ilang.

Sa araw na ito, ipinagdiriwang natin ang **Pambansang Linggo ng mga Migrante**. Idalangin natin na taglayin ng bawat Pilipino ang Mabuting Balita at ipahayag ito saan mang sulok ng daigdig.

Pagsisisi

P – Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang tayo’y maging marapat sa pagdiriwang ng banal na paghahaing nag-dudulot ng kapatawaran ng Maykapal. (Tumahimik)

P – Panginoon, kami’y nagkasala sa iyo.

B – Panginoon, kaawaan mo kami.

P – Kaya naman, Panginoon, ipakita mo na ang pag-ibig mong wagas.

B – Kami ay lingapin at sa kahirapan ay iyong iligtas.

P – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B – Amen.

P – Panginoon, kaawaan mo kami.

B – Panginoon, kaawaan mo kami.

P – Kristo, kaawaan mo kami.

B – Kristo, kaawaan mo kami.

P – Panginoon, kaawaan mo kami.

B – Panginoon, kaawaan mo kami.

(Walang Gloria sa panahon ng Kuwaresma)

Pambungad na Panalangin

P – Manalangin tayo. (Tumahimik)

Ama naming makapangyarihan, sa taun-taong pagdiriwang ng paghahandang apatnapung araw para sa Pasko ng Pagkabuhay, kami nawa ay lalong umunlad sa pagtuklas sa hiwaga ng tagumpay ni Kristo upang masundan namin siya sa pamumuhay na marangal bilang aming Tagapamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen.

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa (Gen 9:8–15) (Umupo)

Nangako ang Diyos na hindi na niya muling lilipulin ang gawa ng kanyang mga kamay sa pamamagitan ng baha. Ang bahaghari ang nagpapaalala sa atin ng tipan ng Diyos sa kanyang mga nilikha.

Pagbasa mula sa aklat ng Genesis

ITO ANG sinabi ng Diyos kay Noe at sa kanyang mga anak, “Ako’y nakikipagtipan sa inyo ngayon, pati na sa inyong magiging mga anak, gayon din sa lahat ng mga bagay na may buhay sa paligid ninyo—mga ibon, maaamo’t mailap na hayop na kasama ninyo sa daong. Ito ang masasabi ko sa aking pakikipagtipan sa inyo: Kailanma’y hindi ko na lilipulin sa pamamagitan ng baha ang lahat ng may buhay. Wala nang baha na gugunaw sa daigdig.” Sinabi pa ng Diyos, “Ito ang magiging palatandaan ng walang hanggang tipan na ginagawa ko sa inyo at sa lahat ng hayop: Palilitawin ko sa mga ulap ang aking bahaghari, at iyan ang magiging tanda ng aking pakikipagtipan sa inyo. Tuwing magkakaroon ng ulap at lilitaw ang bahaghari, aalalahanin ko ang aking pangako sa inyo at sa lahat ng hayop. Hindi ko na lilipulin sa baha ang lahat ng may buhay.”

— Ang Salita ng Diyos.

B – Salamat sa Diyos.

Salmong Tugunan (Slm 24)

T – Poon, iyong minamahal ang tapat sa iyong tipan.

Sr. M. C. A. Parco, FSP

A
Fm# D
Po-on i-yong mi-na -
3
A D Bm
ma-hal ang ta-pat
5
E7 A
sa i-yong ti-pan.

1. Ang kalooban mo’y ituro, O Diyos,/ ituro mo sana sa aba mong lingkod;/ ayon sa matuwid, ako ay turuan/ ituro mo, Poon, ang katotohanan;/ tagapagligtas ko na inaasahan. (T)

2. Poon, gunitain, pag-ibig mong wagas,/ at ang kabutihang noon pa’y nahayag./ Pagkat pag-ibig mo’y hindi nagmamaliw,/ ako sana, Poon, ay alalahanin! (T)

3. Mabuti ang Poon at makatarungan,/ sa mga salari’y guro at patnubay;/ sa mababang-loob siya yaong gabay/ at nagtuturo ng kanyang kalooban. (T)

Ikalawang Pagbasa (1 P 3:18–22)

Sinagip ng Diyos si Noe at ang kanyang pamilya mula sa matinding baha. Sinasagip din ng Diyos ang bawat binyagang Kristiyyano sa pamamagitan ng Sakramento ng Binyag kung saan nakikibahagi tayo sa kamatayan at muling pagkabuhay ni Hesus.

Pagbasa mula sa unang sulat ni Apostol San Pedro

PINAKAMAMAHAL kong mga kapatid: Si Kristo’y namatay para sa inyo. Namatay siya dahil sa kasalanan ng lahat—ang walang kasalanan para sa mga makasalanan—upang iharap kayo sa Diyos. Siya’y namatay ayon sa laman, at muling binuhay ayon sa Espiritu. Sa kalagayang ito, pinuntahan niya at inaralan ang mga espiritung nakabilanggo. Iyan ang mga espiritung ayaw sumunod nang sila’y matiyagang hinihintay ng Diyos noong panahon ni Noe, samantalang ginagawa nito ang daong. Sa tulong ng daong na ito’y iilang tao—wawalo—ang

nakaligtas sa baha. Ang tubig ay larawan ng binyag na nagliligtas ngayon sa inyo. Ang binyag ay hindi paglilinis ng dumi ng katawan kundi isang pangako sa Diyos buhat sa isang malinis na budhi. Inililigtas kayo ng binyag sa pamamagitan ng muling pagkabuhay ni Hesukristo, na umakyat sa langit at ngayo'y nakaluklok sa kanan ng Diyos. Naghahari siya roon sa mga anghel at sa mga kapangyarihan at lakas na panlangit.

— Ang Salita ng Diyos.

B – Salamat sa Diyos.

Awit-Pambungad (Mt 4:4b)
(*Tumayo*)

B – Ang tao ay nabubuhay hindi lamang sa tinapay kundi sa Salitang mahal mula sa bibig na banal ng Ama nating Maykapal.

Mabuting Balita (Mc 1:12–15)

P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos
B – Papuri sa iyo, Panginoon.

NOONG panahong iyon, si Hesus ay agad pinapunta ng Espiritu sa ilang. Nanatili siya roon ng apatnapung araw, na tinutukso ni Satanas. Mailap na hayop ang naroon ngunit si Hesus ay pinaglingkuran ng mga anghel.

Pagkatapos dakpin si Juan, si Hesus ay nagtungo sa Galilea at ipinangaral ang Mabuting Balitang mula sa Diyos: “Dumating na ang takdang panahon, at malapit na ang paghahari ng Diyos! Pagsisihan ninyo’t talikdan ang inyong mga kasalanan at maniwala kayo sa Mabuting Balitang ito.”

— Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

Homiliya (*Umupo*)

Pagpapahayag ng Pananampalataya (*Tumayo*)

P- Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat.

Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nanggabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen.

Panalangin ng Bayan

P – Sa pagsisimula ng Kuwaresma, humingi tayo ng lakas sa Diyos upang mapaglabanan natin ang iba’t ibang uri ng mga tukso. Isama rin natin ang mga pangangailangan ng mga migranteng Pilipino:

T – Panginoon, dinggin mo ang iyong bayan.

L – Patuloy nawang himukin ng mga namumuno sa Simbahan ang lahat ng tao na magbalik-loob sa Diyos sa pamamagitan ng kanilang pagkakaroon ng bukas na kalooban lalo na sa Sakramento ng Kumpisal. Manalangin tayo: **(T)**

L – Ipagtaggol nawa ng mga namumuno sa mga bansa ang mga karapatan at kapakanan ng bawat migranteng Pilipino sa iba’t ibang panig ng mundo. Manalangin tayo: **(T)**

L – Panghawakan nawa ng mga migranteng Pilipino ang kinagisnan nilang pananampalataya sa Diyos at ibahagi ito sa lahat ng taong kanilang nakatatagpo. Manalangin tayo: **(T)**

L – Pagpalain nawa ang mga gawain ng *Episcopal Commission for the Pastoral Care of Migrants and Itinerant People (ECMI)* at iba pang mga samahang nagmamalasakit para sa kapakanan ng mga migrante. Manalangin tayo: **(T)**

L - Pahalagahan nawa ng mga

naiwan dito sa Pilipinas ang sakripisyong ginagawa ng kanilang mga kamag-anak na nagtatrabaho sa ibang bansa. Manalangin tayo: **(T)**

L – Sa ilang sandali ng katahimikan, ating ipanalangin ang iba pang mga pangangailangan ng ating pamayanan pati na rin ang ating pansariling kahilingan (*Tumahimik*). Manalangin tayo: **(T)**

P – Ama, pakinggan mo ang aming mga panalangin at tulungan mo kaming makilala at igalang ang dangal ng bawat tao, lalung-lalo na ang mga migrante at ang kani-kanilang mag-anak.

Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon.

B – Amen.



Paghahain ng Alay (*Tumayo*)

P – Manalangin kayo...

B – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P – Ama naming Lumikha, gawin mong kami’y maging marapat maghain sa pagdiriwang namin ngayon ng pagsisimula ng banal na panahon ng apatnapung araw na paghahanda para sa Pasko ng Pagkabuhay sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. **B – Amen.**

Prepasyo

(*Ang Pagtukso sa Panginoon*)

P – Sumainyo ang Panginoon.

B – At sumaiyo rin.

P – Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.

B – Itinaas na namin sa Panginoon.

P – Pasalamat natin ang Panginoon at Diyos.

B – Marapat na siya ay pasalamat.

P – Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Ang kanyang apatnapung araw na pagtitiis ng kagutuman ay nagbibigay-kahulugan sa panahong ito ng pagpapakasakit para sa kapwa tao. Ang pagtalikod niya sa tuksong maging makasarili ay nagtuturo sa aming harapin ang pagpapakabuti upang kaisa niya'y maging malaya kami sa pagdulog sa hapag ng huling hapunan na siyang hantungan ng lahat sa kalangitan.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B – Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo! Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo! Osana sa kaitaasan! Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon! Osana sa Kaitaasan!
(Lumuhod)

Pagbubunyi *(Tumayo)*

B – Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, ilitas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.

PAKIKINABANG

Ama Namin

B - Ama namin...

P – Hinihiling naming...

B – Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen.

Pagbati ng Kapayapaan

Paanyaya sa Pakikinabang
(Lumuhod)

P – Ito ang Kordero ng Diyos. Ito ang nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B – Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatulóy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona sa Komunyon
(Mt 4:4)

Ang tao ay nabubuhay hindi lamang sa tinapay kundi sa salitang mahal mula sa bibig na banal ng Ama nating Maykapal.



SAMBUHAY MISSION APPEAL

Be a mission partner for Sambuhay!



Sambuhay Missalette and Sambuhay TV now offer you a chance to reach its nearly a million readers and viewers. We share our "sacred space" for

- Vocation promotions
- Invitations from Catholic communities and other groups
- Announcements for special programs and activities
- Local and international pilgrimages
- Other church and faith-based matters

MEDIUM	DURATION	AD RATE
Sambuhay Sunday Missalette (English or Filipino)	1 SUNDAY	P 4,000
Sambuhay Sunday Missalette (Hiligaynon)	1 SUNDAY	P 1,500
Sambuhay First Friday	1 FRIDAY	P 2,000
Sambuhay Sunday Missalette (English or Filipino)	8 SUNDAYS (2 months)	P 25,000
Sambuhay TV	1 EPISODE	P 5,000

Contact details

88959701 to 04 loc. 607
88953416

sambuhay.missalette@gmail.com
marketing@stpauls.ph

Facebook.com/sambuhaymissalettePH
Facebook.com/sambuhay.missalette

Panalangin Pagkapakinabang
(Tumayo)

P – Manalangin tayo. *(Tumahimik)*

Ama naming mapagmahal, kaming pinapakinabang mo sa pagkaing iyong bigay ay tumanggap ng pampalakas ng pananampalataya, pampatibay ng pag-asa, at pampaalab ng pag-ibig. Matutuhan nawa naming damahin ang gutom at pananabik sa tunay na pagkaing nagbibigay-buhay upang kami'y makapamuhay sa bawat salita na namumutawi sa iyong bibig sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B - Amen.

PAGTATAPOS

P - Sumainyo ang Panginoon.

B - At sumaiyo rin.

Pagbabasbas

P – Yumuko kayo't hingin ang biyaya ng Diyos. *(Tumahimik)*

Ama naming mapagpala, pamalagiin mo kaming matapat sa pagsisikap mabuhay sa diwa ng ipinagdiwang na paghahain ng katubusan na nagpapanibago sa aming pag-iral upang panabikan namin ang iyong mga kaloob na mag-aakay sa amin sa kalangitan sa pamamagitan ni

Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen.

P – Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos, Ama at Anak (+) at Espiritu Santo.

B – Amen.

Pangwakas

P - Tapos na ang Banal na Misa. Humayo kayong taglay ang kapayapaan upang ang Panginoon ay mahalina at paglingkuran.

B - Salamat sa Diyos.

SOCIETY OF ST PAUL

Live Jesus. Give Jesus!

If you are Grade 12 student, a college student, or a young professional— male, single, and aspiring to become a priest or a brother involved in the apostolate of social communication— we invite you to journey or search with us.

Contact us:

THE VOCATION DIRECTOR

7708 St. Paul Road
San Antonio Village
1203 Makati City

(02) 8895-9701 loc 109;
09158420546; 09288766182;
vocation@ssp.ph